Ang konsepto ng KALOOB na maaaring mangahulugan ng “handog, ambag, regalo, alay, donasyon, pamana, alaala” ay nagbibigay-diin sa pakikipag-ugnayan ng mga Pilipino sa pamamagitan ng diwa ng pagbibigayan at pakikipagkapwa. Nabibigkis ang isang pamayanan at bayan sa pamamagitan ng mga gawain na nagpapahalaga sa kalooban ng bawat miyembro nito kung kaya’t ang mga likhang sining na naka-ugat sa karanasan ng bayan ay dapat pagyamanin. Dahil dito, ang konsepto ng “loob” ay masusing pinag-aaralan sa mga larangan ng sining at kultura, partikular sa mga disiplina ng Humanidades at Agham Panlipunan.

Ang tema at adhikain ng UPD Arts and Culture Festival 2023 ay nagnanais magbigay-pugay sa mga tagumpay na natamo ng mga artista-iskolar-manlilikha ng bayan na nagpapamalas ng masusing pag-unawa sa kondisyon ng tao, partikular sa karanasang Pilipino. Sa gitna ng pandemya, mga problemang pangkalikasan, panlipunan, pangkabuhayan, at pulitikal, kasama na ang pagpigil sa karapatan ng malayang pagpapahayag sa isang demokratikong bansa, ang mga artista-iskolar-manlilikha ay patuloy na lumilikha ng sining na nagmumula at patungo sa bayan.

Ang KALOOB Festival ay pagkakataon na bigyan ng karampatang halaga ang sining at kultura sa pagpapayabong ng kamalayang makatao, sa mga pamamaraang malikhain taglay ang perspektibong kritikal na siyang sandigan ng liberal na edukasyon ng Pamantasan. Ito rin ay handog ng UP Diliman para sa pagdiriwang ng Buwan ng Sining tuwing Pebrero, batay sa Proklamasyon Bilang 683 noong 1991.

#UPDArtsCultureFestival2023
#Kaloob
#ArtistaIskolarManlilikha
#NAM2023

bit.ly/2023UPDACF


oica.upd.edu.ph

oica.upd@up.edu.ph
specialprojects_oica.upd@up.edu.ph

(02) 8981-85-00 local 2659-2660

@updoica

www.youtube.com/c/UPDOICA



## I. Kabilin: Paglulunsad ng UP Diliman Culture Bearers-in-Residence Program
### 6 Pebrero 2023 (Lunes) | 8AM | Quezon Hall

Ang salitang kabilin ay galing sa wikang Sebwano na nangangahulugang, 'pamana.' Ito ang diwa ng malikhaing programang inihahanda upang pormal na ilunsad ang Programang Pagpapamana ng Katutubong Kaalaman mula sa mga Tagapaghawak ng Kaalamang-Bayan o UP Diliman Culture Bearers-in-Residence Program.

Ang natatanging palatuntunan ay katatampukan ng mga kinikilalang manlilikha at artista, mga tagapaghawak at tagapagtaguyod ng mga kultura sa bansa, at mga kasapi ng mamamayan ng UP Diliman. Magsisilbi itong hugpungan ng mga ideya, karanasan, at gunita upang maipagtagumpay ang programang mula at para sa mga katutubo ng Pilipinas.

Ang programa ay pagtutulungan ng UP Theater Complex, sa pamumuno ni Prop. Jose Estrella, Dr. Sir Anril Tiatco, Tagapangulo ng Departamento ng Komunikasyong Pasalita at Sining Panteatro, Dr. Jem Javier, Tagapangulo ng Departamento ng Linggwistika, at Dr. Jose Carlo De Pano, Direktor ng UPD Information Office.

## II. Duyan Ka ng Magiting: Pagpupugay sa mga Bagong Hirang na Pambansang Alagad ng Sining mula sa UP Diliman
### 24 Pebrero 2023 (Biyernes) | 3PM
### University Theater

Ang malikhaing programang ito ay magbibigay-pagkilala sa mga bagong hirang na Pambansang Alagad ng Sining mula sa komunidad ng UP Diliman: Gemino Abad para sa literatura, Fides Cuyugan-Asensio para sa musika, Ricardo Lee para sa pelikula at broadcast arts, Agnes Locsin para sa sayaw, at Antonio Mabesa para sa teatro.

Tampok sa palatuntunang ito ang mga natatanging obra ng mga Pambansang Alagad ng Sining na walang-alinlangang tumatak hindi lamang sa sining, kundi maging at lalo na sa kasaysayan ng bansa.

Ang malikhaing programa na "Duyan ka ng Magiting" ay isang pagkakataon na malagom ang ambag ng sining sa pag-unawa sa lipunang Pilipino sa kasalukuyang panahon. Ang programa ay sa direksyon ni Prop. Jose Estrella ng UP Theater Complex.

## III. Kaloob-Sining Biswal: Mga Likha ng mga Artista-Iskolar ng UP Diliman
### Eksibit, 28 Pebrero – 17 Marso 2023
### Programa ng Pagbubukas, 28 Pebrero 2023 (Martes) | 3PM | Palma Hall Lobby

Bilang kaloob o ambag ng mga iskolar ng CCTGACH at VACSSP, isang pisikal at online na eksibisyon ng sining biswal ang itatanghal upang maipamalas ang kanilang mga pananaw ukol sa sining, lipunan, at sangkalibutan. Iimbitahan ang mahigit sa 180 na VACCSP iskolar mula akademikong taon 2017 hanggang sa kasalukuyan na lumahok sa eksibisyon. Mayroong 23 likhang sining na isasama sa pisikal na eksibisyon sa Palma Hall Lobby, habang ang lahat ng nais lumahok ay maaaring makasama sa online na eksibisyon. Bilang pagkilala sa lawak ng posibilidad ng paglikha at ekspresyon, iba't ibang uri ng sining biswal ang itatanghal sa pisikal na eksibisyon, tulad ng painting, sculpture, installation, photography, digital art, mixed media art, at video art. Ang online na eksibisyon naman ay pinaplanong nasa porma ng isang digital na katalog
na magtatampok ng ilan sa kanilang mga likhang sining. Makatutulong ang eksibisyon-publikasyon na ito sa mga artista-iskolar lalo na sa simula ng kanilang artistic career.

Ang eksibisyon ay inorganisa ng UPD-OICA at Bulwagan ng Dangal University Heritage Museum, sa pamumuno ni Dr. Cecilia S. De La Paz, sa pakikipagtulungan ng Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya.

## IV. Kaloob-Saliksik: Bahaginan ng mga Artista-Iskolar ng UP Diliman
### 8 Marso 2023 (Miyerkules) | 9AM-5PM
### Zoom at Facebook/YouTube

Bilang kaloob o ambag ng mga iskolar ng PASP, VACSSP, at CCTGACH (2017-2022) mula sa larangan ng Humanidades at Agham Panlipunan, ang online kolokyum ay naglalayong maibahagi ang kanilang mga pag-aaral ukol sa sining, lipunan, at sangkatauhan; at makapagbukas ng espasyo para sa mas malalimang talakayan ukol dito. Magkakaroon ng tatlo o higit pang panel session na nakaangkla sa mga temang mabubuo mula sa mga interes ng mga lalahok na iskolar, tulad ng ngunit hindi limitado sa: panitikan, ethnographic turn sa sining at agham panlipunan, at practice-based research.

Bilang katuwang ng online kolokyum, maglalabas rin ng digital na book of abstracts ng mga papel ng mga iskolar na lalahok.

Ang proyekto ay pamumunuan ni G. Mark Louie Lugue ng Departamento ng Aralin sa Sining, at Bb. Frances Bacosa, OICA Program Coordinator ng PASP at VACSSP.

## V. LIKHANG PEYUPS
### UP Symphony Orchestra (UPSO) Concert
### 10 Marso 2023 (Biyernes) | 6PM
### University Theater

Binibigyang pugay ng konsyertong LIKHANG PEYUPS ang mga likha ng mga kompositor na mula sa Unibersidad ng Pilipinas. Mapakikinggan ang mga pyesa ng mga kapita-pitagang kompositor na kinikilala sa buong mundo—sina Pambansang Alagad ng Sining sa Musika Ramon P. Santos at Propesor Emeritus Chino Toledo—at ng mga nagsipagtapos kamakailan sa Unibersidad na nagwagi ng mga karangalan tulad ni G. Jonathan Domingo. Binabagtas ang tema ng Kaloob Festival 2023, isang pagsaludo ang konsyerto sa iba't ibang musika na nabuo mula sa loob ng ating komunidad. Magaganap ito sa 10 Marso 2023, 6 n.g., sa University Theater.

## VI. Himigsikan 2023
### Kaloob-Tanghal: Mga pagtatanghal ng mga Artista-Iskolar ng UP Diliman
### 17 Marso 2023 (Biyernes)
### Acacia Courtyard, UP Town Center

Bilang kaloob o ambag ng mga iskolar ng PASP at VACSSP (2016-2022), isang Open Mic na magtatanghal ng musika at iba pang porma ng pagtatanghal ang isasagawa sa Acacia Courtyard, UP Town Center. Layunin ng Open Mic na maipamalas ang talento ng mga bagong artista-iskolar ng UP Diliman sa publiko at magsilbing okasyon ng pagbibigkis ng komunidad ng
UP Diliman.

Ang proyekto ay ioorganisa ni Bb. Christel Manalo, OICA Event Coordinator, sa pakikipagtulungan ng UP Town Center.

## VII. Iba pang Inisyatiba sa ilalim ng "UP Diliman Arts and Culture Grant"

Ang mga inisyatiba ay magmumula sa mga organisasyong pang mag-aaral at mga yunit sa UP Diliman na lilikha ng mga proyekto na tutugon sa tema ng UPD-ACF 2023 at gaganapin mula 6 Pebrero hanggang 31 Marso 2023.

*Event details are subject-to-change without prior notice.